



Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon V
Tanggapang Pansangay ng mga Paaralan ng Sorsogon

31 Hulyo 2023

MEMORANDUM PANSANGAY

Blg. 147, s. 2023

SEREMONYA NG PAGTATAAS NG WATAWAT

Sa mga : Kawaksing Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punong Tagamasid Pang-edukasyon (CID at SGOD)
Punong-guro/Pinuno ng mga Paaralang Elementarya at Sekondarya
Iba pang Kinauukulan

1. Ang Kagawaran ng Edukasyon Sangay ng Sorsogon bilang pagtugon sa Pampanguluhang Proklamasyon Bilang 1041 s. 1997 at pakikiisa sa taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa ay magsasagawa ng sabay-sabay na Seremonya ng Pagtataas ng Watawat sa Agosto 7, 2022, 8:00 ng umaga bilang simbolikong pagbubukas ng pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2023 na may temang: "Filipino at mga Katutubong Wika: Wika ng Kapayapaan, Seguridad, at Inklusibong Pagpapatupad ng Katarungang Panlipunan."

2. Inaasahang makikiisa sa gawain ang lahat ng antas ng tanggapan mula sa sangay at mga paaralang pampubliko at pribado.

3. Hinihiling sa mga dadalo na magsuot ng simpleng kasuotang Pilipino, at gawing simple at marangal ang seremonya gamit ang wikang Filipino.

4. Para sa pare-parehong daloy ng gawain, iminumungkahi ang sumusunod:
- Panalangin
 - Pag-awit ng Lupang Hinirang
 - Pagbigkas ng Panunumpa ng Katapatan sa Watawat ng Pilipinas
 - Pagbigkas ng Panunumpa ng Lingkod Bayan (rebisyon 2021)
 - Pagbigkas ng Bisyon, Misyon, at Pangunahing Halagahan ng DepEd
 - Pagbigkas ng Patakaran ng Kalidad ng DepEd
 - Pag-awit ng ng Martsa ng Bicol/Martsa of Himno ng Sangay
 - Iba pang bilang (kung mayroon inihanda ang tanggapan/paaralan)



Balogo Sports Complex, Balogo, Lungsod Sorsogon, Sorsogon 4700
Email: sorsogon@deped.gov.ph
Website: depedsorsogon.com.ph



CIP 5461/21/05/1163

5. Ang mga itinalagang pampaaralang tagapag-ugnay sa Filipino at inaasahang magsasagawa ng dokumentasyon upang makagawa ng 3 minutong AVP ng seremonya bilang bahagi ng isusumiteng ulat ng tanggapang pansangay sa tanggpaang panrehiyon.

6. Hinihiling ang malawakang pagpapabatid ng memorandum na ito para sa kaalaman, patnubay at pagtalima.

For: [Signature]
WILLIAM E. GANDO, CESO VI
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

CID: GQT/sav
07/31/2023

Kalakip: *Gaya ng nasasaad*
Sanggunian: *Memorandum Panrehiyon Big. 270, s. 2023*
Pampanguluhang Proklamasyon big. 1041
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng sumusunod na paksa:
Buwan ng Wika *Pagdiriwang*
Paaralan *Guro* *Mag-aaral*



Balogo Sports Complex, Balogo, Lungsod Sorsogon, Sorsogon 4700
Email: sorsogon@deped.gov.ph
Website: depedsorsogon.com.ph



CIP 5461/21/05/1163